# 19 KISLAP SA PANAHON NG COVID-19

Abdon M. Balde Jr.

Ang epidemya na likha ng coronavirus ay unang lumabas at kumalat sa Wuhan, China. Tinawag ng World Health Organization ang peste na COVID-19. Kumalat ito sa maraming bansa dahil sa mga biyaherong sumakay sa mga eroplano at sasakyang pandagat. Napilitang ipatupad sa maraming bansa ang quarantine, na ang layunin ay ihiwalay ang mga nagkakasakit upang hindi na makahawa sa iba.

Sa Filipinas ay ipinatupad ng pamahalaan ang Community Quarantine sa buong Luzon mula Marso 15, 2020 na layuning patagalin sa loob ng apatnapung araw. Paraan lamang ito upang ang mga nahawa ay mapangalagaan sa mga ospital ng mga health workers habang wala pang vaccine na makakagamot sa peste. Naging mahigpit ang Enhanced Community Quarantine sa buong Kamaynilaan. Maraming ayaw makulong sa Kamaynilaan ang tumakas patungong mga kanugnog na probinsiya. Marami pa ring nakulong sa Kamaynilaan.

Di nagtagal ay nag-lockdown na rin ang mga probinsiya. Naging mahigpit ang bantay ng mga pulis at sundalo sa mga checkpoint na itinayo hindi lamang sa hanggahan ng mga probinsiya at bayan, kundi pati sa mga barangay. Nagkaroon ng mga curfew sa mga komunidad. Habang nasa curfew, ang mga pampublikong pook ay dini-disinfect ng pamunuang bayan.

Kumalat ang COVID-19 sa mahigit sandaang bansa. Marami ang namamatay na mga pasyente at sa isang ospital ay tambak ang mga patay sa hallway ng morgue. Marami ring nahawa at namatay

na manggagamot, nurse, at health workers na tinawag na mga frontliners.

Nagkaroon ng pandaigdigang lockdown. Tumigil ang lahat ng sasakyang panghimpapawid, pandagat, at maging mga sasakyang panlupa.

Isinara ang mga tindahan, opisina, at halos lahat ng establisimyento. Ang naiwang bukas ay ang mga ospital, botika, at gasolinahan. Napuno ang mga ospital ng mga pasyente.

Marami ang nawalan ng trabaho. Ipinasiya ng gobyerno na magpamudmod ng ayuda upang hindi magutom ang mga nawalan ng hanapbuhay. Maraming pagkain at pera ang ipinamigay. Nagkaroon pa ng mga kaguluhan sa pamimigay ng ayuda.

Marami sa mga kuwentong nakapaloob sa kalipunang ito ay hango sa mga karanasang napabalita sa radyo, TV, social media, at ibang nalimbag sa internet. Iniba ko lamang ang mga pangalan at medyo nilagyan ng siste ang iba upang kagiliwang basahin.

Muli kong ginamit ang anyo ng Kuwentong ISang igLAP, na tinawag kong KISLAP, na hindi hihigit sa 150 salita. Ito ang anyo ng flash fiction ng libro kong *100 KISLAP* na inilimbag ng Anvil Publishing Inc. at ginawaran ng National Book Award ng Manila Critics Circle at ng National Book Development Board.

Sinadyang baguhin ang pagkakahawig ng mga pangyayari at tauhan sa totoong buhay upang protektahan ang mga inosente at ang hindi.

Bilang pagkilala sa COVID-19 ay labingsiyam na KISLAP ang nakapaloob sa kalipunan ng mga kuwentong sumusunod.

### 1. Lockdown

Si Ferdie ay naidlip sa kinasanayang kaligiran at nagising sa ibang daigdig. Pag-off ng Makati office nang Sabado ay nakipagdiwang

siya sa kaarawan ni Ding, na ang kapatid na si Myrna ay kaniyang kalaguyo. Sa sobrang kalasingan, nag-black-out si Ferdie. Linggo nang magising sa apartment ni Myrna sa Pasay. Doon siya ihinatid ni Ding. Ang plano niya ay umuwi nang Lunes sa Batangas sa bahay nila ng asawang si Glenda. Scheduled vacation leave niya mula Lunes, March 16 at babalik sa office nang March 23.

Lunes, paggising niya sa madaling-araw, lockdown na ang Metro Manila dahil sa COVID-19. Hindi na siya makalabas ng Kamaynilaan.

Tumawag siya kay Glenda sa cellphone, "I-cancel ko na lang kaya ang bakasyon ko . . ."

"Ikaw . . ." sagot ni Glenda.

"Sa ATM na lang ako magpapadala . . ."

"Ikaw . . ." narinig niyang sabi ni Glenda, at may tinig siyang narinig . . .

Tinig ng lalaking bagong gising: "Ako? Bakit ako?" (146 salita)

***

## 2. Curfew

Ang curfew sa barangay nina Pilo ay 8 p.m. hanggang 6 a.m. Hatinggabi, ginising siya ng malakas na ugong sa labas. Di niya maintindihan kung bakit may trak yata sa labas samantalang bawal lumabas maski sino, may babala pang aarestuhin kahit sinong lumabas ng tahanan.

Dahan-dahan siyang bumangon. Hindi binuksan ang ilaw dahil gusto niyang maaninag ang pinanggagalingan ng ugong. Nasa gilid mismo ng kalsada ang kaniyang bahay. Ang pinakapintuan ay nasa sidewalk na halos.

Ang pinakapinto ay sliding door na kahoy. May takip sa labas ng plantsadong yero na pananggalang sa ulan. Pagtanggal ng bolt ay bahagya niyang inusad ang pinto sabay sungaw sa labas ng kaniyang mukha.

Sssswwwwwwsssshhhh!!! Napakalakas ng buga ng likidong sumaboy sa kaniyang mukha, at di siya makahinga, napuno ang kaniyang bibig.

Trak ng bombero ang nasa tapat niya, "Nagdi-disinfect lang po!!!" sigaw ng lalaking may hawak ng malaking hose. (143 salita)

***

## 3. Ang Sabongero

Mas malimit nahihimas ng sabongerong si Teroy ang tandang kaysa asawang si Lily. Kahit lockdown, sikretong nakipag-tupada siya't nahuli ng pulis.

Napakiusapan ni Lily si SPO2 Ardales na pauwiin siya pagkatapos mangakong di na uulit. Ihinatid pa sila sa kanilang bahay ni SPO2 Ardales. Nasilip niya ang maiging usapan ng asawa't ng pulis habang nagpapaalaman. Mayroon ba siyang dapat malaman?

Kinabukasan, nahirapang huminga si Teroy. Nagpa-test sa ospital. Pangatlong araw, lumabas na positive sa COVID-19. Si SPO2 Ardales uli ang napakiusapan ng asawang maghatid sa kanila sa ospital. "Assigned ako sa checkpoint sa tapat ng ospital," paliwanag ng pulis. Natanaw ni Teroy nang nasa patrol car ang dalawa na hawak ng pulis ang kamay ni Lily. Nagkatotoo ang kaniyang hinala.

Tanghaling tapat, tumakas si Teroy sa ospital nang matanaw sa checkpoint si SPO2 Ardales. Hinarap ang pulis at sinungkit ng balahibo ng manok ang sariling ilong at hinatsingan ang pulis. (149 salita)

***

## 4. Doorbell

Tumunog ang doorbell. Pagbukas ko'y may babae, health worker, may ambulansiya sa tapat namin. May dalawang lalaking naka-hazmat suit na akala mo'y huhuli ng asong kalye.

"May Jose Cruz dito?"

"Wala po."

"Sigurado kayo? Ito ang inireport na residence ng PUI sa COVID-19!"

Parang ayaw maniwala. Pinalabas kaming lahat sa bahay, binilang. Marami nang kapitbahay naming naglabasan, nakatingin sa amin. Nang makumbinsing walang Jose Cruz sa bahay ay umalis din, walang paumahin.

Pagkaraan ng ilang minuto'y tumunog uli ang doorbell. Lumakas na lalo ang kaba ng dibdib ko. Pagbukas ko'y tinamaan ang ulo ng ate ko, na nililinis pala ng disinfectant ang buong pinto, pati door knob. May bukol siya sa noo, maiyak-iyak.

Ngayon, ay di namin malaman kung magku-quarantine kami o hindi. (122 salita)

***

## 5. Lockdown sa Bahay na Bato

(Inspired ng salitang KENOPSIA, mula sa wikang Greek: *kenosia* [kahungkagan] at *opsia* [namamasdan] na "namamasdang kahungkagan" ang kahulugang. Pinalawak ko bilang "nararanasang kahugkagan")

Noong isang gabi'y ginambala siya sa pagkakahimbing ng uha ng sanggol. Walang sanggol sa bahay, guniguni lamang, naisip niya, kaya bumalik sa pagkakaidlip.

Dalawang linggo na siyang tuliro, mag-isang na-lockdown sa bahay na ito dahil sa COVID-19. Ipinagkatiwala sa kaniya itong bahay na batong ancestral house ng kaibigang kasama ang pamilyang nag-tour sa Italy at doon inabutan ng lockdown. Siya ang nakiusap pumisan dito habang sinusulat ang nobela tungkol sa himagsikan sa panahon ng Kastila.

Kumpleto ang gamit sa bahay, ang imbak na pagkain ay magkakasya kahit isang buwan ang lockdown, na pinahaba ngang isambuwan kahapon.

Kagabi, may kaluskos sa labas. Pagsilip sa bintana'y naaninag niya ang tatlong lalaki sa balkonahe, nag-uusap sa dilim. Lahat naka-rayadilyo. Katipunero o Guwardiya Sibil? Iwinaksi niya sa isip at natulog.

Ngayong umaga'y naalimpungatan siya sa mga putok! Isang bala ang lumusot sa bintanang kapis at naglagos sa kaniyang balikat! Napaigtad siya sa sakit! (149 salita)

***

## 6. Spoliarium

Pasado alas-siyete ng gabi. Luhaang pumapadyak siya sa umaambong kadiliman pauwi sa bahay, mahigit sampung kilometro mula sa ospital. Padyak na walang humpay kahit nagpuputok ang dibdib sa sama ng loob. Huwag sanang abutan ng curfew, dalangin niya.

Isang malaki't isang maliit na kahon ang sakay niya, parehong pinuluputan lamang ng packaging tape, sa tulong ng health worker na nagpatakas sa kaniya.

Pagdating sa checkpoint, sinita siya ng isang pulis. "Asawa ko po't bagong silang na sanggol, na-COVID po, tambak ang patay sa ospital, pinatakas na lang kami," bulong niya. Nasindak ang pulis, sabi, "Bumalik ka, mga sandaang metro, bumaba ka sa maliit na daanan sa tabing-sapa. Basta di ka namin nakita! Nilusutan mo kami."

Pagdating sa kanila'y naroon na'ng bayaw niya. "Mabuti pinatakas ka." Sagot niya, "Naawa. Di naman talaga COVID, komplikasyon lang sa panganganak," humihikbi niyang sabi. Nasulyapan niya sa tabing kubo ang hukay na paglilibingan sa kaniyang mag-ina. (149 salita)

***

## 7. UNA at Huling Pag-ibig

Hindi ko akalaing sa ganitong kaligiran kami muling magkikita. Magkaklase kami sa medisina, magkasintahan nang tatlong taon hanggang pumasa sa eksamen at nagpasiya siyang mangibang bansa. At nag-asawa ng dayuhan. Maghapon akong umiyak at nagluksa noon. Hinding-hindi na ako iibig muli, pangako ko.

Sa COVID-19 section ng ospital kami nagsalubong kamakalawang linggo. Naghiwalay daw silang mag-asawa. At bumalik sa bansa. Hindi sila nagkaanak.

Mula noon, halos araw-araw na kaming nagkukuwentuhan (na kapwa may face mask), muling nagkapalagayang loob, at nagkamayan (na kapwa may guwantes). Nagdalawang-isip ako kung tutuparin o tatalikuran ko na ang pangako.

Limang araw kaming di nagkita. Tambak ang pasyente. Wala na kaming pahinga. Minsan, nakatulog akong nakasalampak lang sa sahig. Kahapon, nalagasan kami ng dalawang frontliners. Nang nag-alala na ako'y hinanap ko siya.

Nang magkita kami, sabi niya, pabulong, "Tayo rin sa bandang huli." Tumango ako, lumuha, habang tumutulong sa pag-intubate sa kaniya. (148 salita)

***

## 8. Paglaya

Nagkatawanan kami kahapon nang sinabi ng pangulo ng bansa na mabuti pa kami ay marunong sumunod sa utos. Nang ipinatupad ang Extended Community Quarantine dahil sa COVID-19 at sinabing lockdown, kami'y lockdown talaga. Lahat kami nasa loob lang. As if naman ay puwede kaming gumala sa labas. Ako'y labinlimang taon nang naka-lockdown. Gusto lang magpatawa ng Pangulo.

Pero hindi katawa-tawa ang kalagayan namin dito. Wala kaming social distancing dahil dalawampu kami rito sa silid-piitan na para sa anim.

Kamakalawa'y nagkahawaan kami sa ubo at lagnat. Nasindak ang lahat. Lalo akong nag-alala kay Pilo, na matalik kong naging kaibigan dito. Nagkakatanawan lamang kami sa pagtulog.

Pangatlong taon na ni Pilo dito, pero palagi pa rin niyang iginigiit na wala siyang kasalanan, at darating ang panahong mapapatunayan ito, at siya'y lalaya. Kanina'y sinundo si Pilo ng ambulansiya. Nagpaalam siya sa akin, ang sabi, "P're, pag-nagkataon dito ako lalaya. Hanggang sa kabila . . ." (149 salita)

***

## 9. Fun Run

Tuwang-tuwa't humahangos nang dumating si Tasio, bitbit ang tandang at patay na manok na napanalunan sa manukan. "'Yong tupada sa Baybay, ni-raid ng pulis, 'yong sabong nauwi sa fun run,

hehehe!" paliwanag niya sa bayaw na kapisan. "Mabuti't 'yong sultada ko, nagkabayaran na kami't nagmimiron na lang ako. Di sila makakahabol sa akin, hehehe!"

Tinolang manok ang inulam nila sa bigas na relief goods sa ECQ dahil sa COVID-19. Bago naidlip, tatlong libong pisong napanalunan ang inabot ni Tasio kay Misis, "Pantawid-lockdown," pagmamalaki niya. "Nagamit mo pa ang galing mong tumakbo sa marathon," anang Misis, sabay halik sa noo ni Tasio. Ang tatlong anak nila'y naghihilik na, pero walang ganang pumatong si Tasio, excited pa siya sa nangyari.

Hatinggabi, nagsimulang kumati ang lalamunan ni Tasio. Madaling-araw, hirap na siyang huminga. Tanghali, sinundo siya ng ambulansiya. Sa isip niya'y tumatakbo siya ng marathon, pero sa totoo ay hindi na siya makagalaw. (150 salita).

***

## 10. Naghihilom ang Kalikasan

May sapa sa likod ng bahay na paliguan naming kabataan at ng pinapastol na kalabaw habang naglalaba sa batuhan ang kababaihan. Nakasuso ito sa ilog sa Ilaya. Nang magbinata ako'y halos matuyo ang sapa at naging malabo't madumi ang agos. Maraming kompanya ng graba't buhangin ang nag-quarry sa itaas. Nawalan ng pakinabang ang sapa. Asa ko nga'y tuluyan na itong mabubura.

Nang nag-lockdown ang Kamaynilaan dahil sa coronavirus ay suwerteng nakalabas ako't nakauwi dito sa probinsiya. Nag-lockdown din dito't nag-contact tracing ng mga nanggaling sa Maynila. Nagtago ako sa likod-bahay, sa pampang ng sapa. Hindi gumalaw ang mga tao. Walang aktibidad kahit saan.

Paglipas ng dalawang linggo, ang agos ng sapa'y lumalim, luminaw. Nagkalumot ang batuhan. Sumibol ang mga bagong

halaman sa pampang. Namulaklak ang mga damong ligaw. Paglusong ko'y napaigtad ako. May mga isdang sumasalunga sa agos! Di ko napigilang sumisid sa agos. Paglutang ko'y batang paslit uli ako! (150 salita)

***

## 11. Ilang Eksena sa Curfew

Napasarap ang kuwentuhan na may kaunting landian ni Rhonda at ni Bobit na boyfriend niya. Malalim na ang gabi. Si Rhonda'y bading. Uuwi pa siya sa kabilang barangay. Nag-isip siya kung paano lulusutan ang checkpoint sa boundary.

Si Budol na kamukha ni Incredible Hulk ay inantok sa pagkakaupo sa waiting shed na ginawang checkpoint, pero sanay na siya sa pagka-antukin. Naidlip ma'y nagigising kahit pusa lamang ang kumilos sa paligid. Mabagsik si Budol, pero takot sa engkanto.

Naisipan ni Rhonda na magpaabot na ng hatinggabi.

Naalimpungatan sa pagkaidlip si Budol nang maramdamang may kumikilos sa kalsada. Tumingin sa relo, eksaktong hatinggabi. Mula sa kurbada ay nakita niya ang isang babaeng puti ang suot at malanding naglalakad palapit. Umiilandang sa hangin ang puting damit. White Lady! Kumaripas siya ng takbo patungo sa mga kabahayan.

Pagdating sa kanila'y hinubad ni Rhonda ang talukbong. Bukas na niya isasauli kay Bobit ang puting kumot. (150 salita)

***

## 12. Laro ng Tadhana

Saklot si Lita ng matinding pangamba nang mabalita ang nagtambakang patay sa hallway ng morgue sa ospital na pinagdalhan

sa kakambal niyang si Liza, na nagpositive sa COVID-19. Kinabukasan, ang pangamba'y naging sindak nang matanggap ang balitang pumanaw si Liza. Ni hindi siya makadalaw sa cremation, na kailangang gawin sa loob ng labindalawang oras. Ipadadala na lang daw ang naiwang mga gamit, pati na ang abo sa pansamantalang urn. Ang pamilya nila'y sasailalim sa mahigpit na labing-apat na araw ng quarantine.

Hapon nang dumating ang abo, kasama ng isang selyadong kahon ng mga gamit ni Liza. Ipinasiya nilang paglamayan nang siyam na gabi ang abo ni Liza, pagkatapos ay saka lang nila bubuksan ang selyadong kahon.

Panlimang araw pa lang, dumating ang abiso ng ospital. Malaking pagkakamali, nagkagulo sa identification ng mga bangkay, hindi abo't gamit ni Liza ang napadala sa kanila. Si Liza ay buhay pa at nagre-recuperate na. (150 salita)

***

## 13. Checkpoint Encounter

Pauwi si Dr. Lopez nang sitahin sa ECQ checkpoint dahil sa coronavirus.

"Ginagabi kayo, curfew na po," sabi ng batang pulis.

"Doctor ako, ngayon lang ako natapos."

"Saang ospital po kayo?"

Sinabi ng doctor ang pangalan ng ospital.

"Diyan po naka-confine ang misis kong manganganak."

Tinanong ng doctor ang pangalan ng misis.

"Bakit wala ka sa tabi ng misis mo?"

"Kapos po kami sa tao. May gulo sa barangay. Bukas, pag-off ko'y diretso na ako'ng ospital."

Napansin ng commander na nagtatagal ang pakikipag-usap ni SPO1 Clutario sa sakay ng van. Nag-alalang lumapit para alalayan ang batang pulis. "May problema po tayo?"

Sabi ni Dr. Lopez, "Congratulate SPO1 Clutario, now a father of a healthy baby boy! Nahirapan ako, pero ok na silang mag-ina!"

Bago umalis si Dr. Lopez, sabi sa batang pulis, "By the way, libre na ang doctor's fee ko! Congratulations!" Tumalon sa tuwa ang pulis, "Yehhheeeyyy!" (148 salita)

***

## 14. Sa Kabukiran

Si Edmundo, 69 anyos, at ang asawa niyang si Rosario, 65 anyos, ay nakatira sa bundok at nabubuhay sa pagbebenta ng niyog na panggulay. Kinukuha ng tricycle ni Pidoy ang kadalasa'y sandaang niyog tuwing Biyernes at dinadala sa pamilihang-bayan. Wala silang ibang hanapbuhay.

Nang maglockdown dahil sa COVID-19 ay hindi na makabiyahe si Pidoy. Biyernes noong kamakalawang linggo, dinala nila ang niyog, sakay ng paragos hanggang sa malapit sa highway. May nakuha si Mundo na pribadong dyip na sinakyan ng niyog hanggang pamilihang bayan at nagdeliver siya sa suki nilang tindahan. Si Chayong ay naiwan sa paragos, nang halos limang oras, hanggang bumalik si Mundo.

Kinagabihan, nagsimulang ubuhin si Mundo. Walang malapit na kapitbahay kaya magdamag siyang kanlong ni Chayong habang pinaiinom ng mainit na salabat. Pangatlong araw, pareho na silang inuubo.

Isang linggo ang lumipas bago natagpuan ang bangkay ng mag-asawa sa liblib nilang kubo sa bundok. (148 salita)

***

## 15. Trahedya sa Lockdown

"Naglakas-loob po akong hihingi ng tulong, kung puwedeng makauwi dito sa Albay ang anak kong inabutan ng lockdown sa Catanduanes," sabi ng matandang babaeng umupo sa harapan ko. "Narito'ng pamilya niya, ang asawa niyang si Tina'y nasa ospital, ay may cancer. Malala na po. Ako'ng nag-aalaga ng tatlo niyang anak, 72 taon na ako . . ."

Ibinigay ko'ng requirements at dokumentong kailangan para makasakay ng barko pabalik ng Albay ang anak niya. Malaki'ng pasalamat ng matanda bago umalis.

Pagkapananghalia'y bumalik ang matanda, inaabot sa akin ang cellphone, "Gusto kayong makausap ng anak ko . . ." Sabi ko, "Lola, patawagin n'yong anak ninyo sa cellphone ko."

Nakuha na ng anak ang mga papeles. "Bukas, puwede ka nang umuwi," sabi ko. Paulit-ulit ang pasasalamat ng natutuwang matandang babae.

Ngayong gabi, tumawag ang matanda. "Yumao na po si Tina. Ganoon man, nagpapasalamat po kami." Parang may bumagsak na kung anong mabigat sa loob ng dibdib ko. (149 salita)

***

## 16. Ang Dońa at ang Butiking Pasay

Tumandang dalaga, si Doňa Purita ang huli sa angkang Villanueva sa Pasay. Nang kumalat ang COVID-19 ay nasagap niya ang virus sa grocery. Sumama ang pakiramdam hanggang maratay sa kama. Kinapitan ng pneumonia. Ayaw magpa-ospital kaya iniwan ng katulong. Nang gabing iyon, hirap nang huminga ang 72 anyos na Dońa.

Butiking Pasay ang bansag kay Sal dahil sa galing niyang umakyat ng bahay at magnakaw. Nang gabing iyon, naisipan niyang pagnakawan ang bahay na batong alam n'yang dalawang araw nang iniwan ng katulong.

Nakalusot si Sal sa bintanilya't nakapasok sa pinaka-silid tulugan. Sa dilim, naaninag niya ang marangyang tukador sa tabi ng kama, na akala niya'y walang nakahiga. Naglalakad siya patungo sa tukador nang matapakan ang arinolang ihian, dumulas sa sahig, at bumagsak nang padapa sa kama.

Sa lakas ng bagsak, nalagutan ng hininga ang matandang dalaga. Lasang-lasa ni Sal ang asim ng bula sa bibig ng matanda. (148 salita)

***

## 17. Ang Dilag sa Grocery

Kailangan ni Pedro ng kape kaya lumuwas siya ng bayan. Dahil sa social distancing kaakibat ng ECQ, ang mamimili ay nakapila habang nakaupo sa mahabang bench patungong pinto ng grocery. Tuwing may isang papasok, uusad ang pila sa bench.

Mabango ang babae sa likuran niya. Tuwing uusad ang pila, mabilis itong lumilipat at minsan ay nadambahan siya. Pero okey lang. Naka-facemask at may saklob na bandana ang babae. Mapintog ang dibdib na bumunggo sa likod niya. Medyo tabain ang dilag.

Pangatlong usad, nag-abot ang kamay nila. Bago nahalbot ni Pedro ang kamay ay hinimas ito ng babae. Sinagilahan si Pedro, medyo nag-init ang pakiramdam.

Pang-apat na usad, hindi na hinugot ni Pedro ang kamay. Mainit ang dampi ng mga palad. Naglaro ang kanilang mga daliri. Tumatayo ang kaniyang balahibo. "Mag-isa ka lang?" tanong ng kahawak-kamay, mababa, malaki ang boses.

Doon napagtanto ni Pedro na ang ka-holding hands niya'y lalaki. (148 salita)

***

## 18. Second Chance

Edad 35 si Ana, pero ang asawang si Mike ay 47 na. Tanggap naman niyang pinili niya si Mike kaysa kay Jake dahil matatag ang negosyo ni Mike noon. Pero nang bumagsak ang negosyo, bumagsak din ang kalusugan ni Mike. Nagsimula sa asthma, nauwi sa pneumonia.

Si Jake ay estudyanteng anak ng magsasaka. Pero nakatapos ng medisina. At laro ng kapalaran yata na si Dr. Jake ang naging doctor ni Mike.

Dahil gipit na sina Ana, hindi sumingil ng professional fee si Jake.

Nitong bandang huli, nag-positive si Mike sa COVID-19.

"Doc, tulungan mo'ko," sabi ni Ana, "Di ko pa nase-settle ang dating bills sa ospital."

"Jake lang dati'ng tawag mo sa'kin."

"E, doctor ka na," kiming sagot ni Ana. "Ano'ng chance ni Mike? Tapatin mo'ko please . . ." Nakatingin sa asawang nasa ventilator.

Inakbayan siya ni Jake. Dumampi ang labi ni Jake sa noo niya. "Don't worry. Pababayaan ba kita? Ikaw pa . . ." (150 salita)

***

## 19. Ang Labi ni Mister

Ang pagkamatay ng kaniyang Mister sa COVID-19 ay lubhang ipinagdamdam ni Misis. Kaagad na-cremate ang labi ni Mister.

Ang abo ay dinala kay Misis, na nakalagay sa isang simpleng plastic container.

“Pakilipat n’yo na lang po, Ma’am, wala na kaming ibang mapaglagyan,” sabi ng nagdala.

Tulala pa si Misis pero kailangan niyang mag-move on. Dahil manipis ang plastic, naisipan ni Misis na ilagay muna ang abo sa botelya ng Ajinomoto. Wala sa loob na ibinalik ang botelya sa pinagkunan.

Kinabukasa’y maagang lumabas si Misis upang bumili ng urn. Pagbalik niya’y nananghalian muna siya. Masarap ang sinigang na ulam, pero walang gana, kaya di gaanong malasahan ni Misis ang pagkain.

Kinahapunan nang ililipat ang abo ay nagtaka siya kung bakit kaunti na lang ito. Tinanong niya ang katulong. “Ay iyang vetsin Ma’am? Ginamit ko sa sinigang na tanghalian natin kanina. (138 salita)

WAKAS